Si G. Tibi habang tinatanggap ang facsimile check na katumbas ng kanyang napanalunang USD10,000, mula kay Atty. Darlene Berberabe, CEO at Presidente ng Pag-IBIG Fund

Katulad ng karamihan sa mga migranteng manggagawang Pilipino, **ang kwento ng buhay ni G. Tito Ralph Anareta Tibi** ay puno ng pagsubok at pagtitiis subalit pinili niyang gawing inspirasyon ang kanyang mga pinagdaanan upang maabot ang inaasam na kaginhawaan. Ngayon ay maituturing si Tito na isa sa mga matagumpay na Pilipino sa Gitnang Silangan.

Maagang bumuo ng sariling pamilya si Tito. Bagama't tanging pag memekaniko sa isang Toyota Service Center ang kanyang pinagkakakitaan dito sa Pilipinas, minabuti na niyang lumagay sa tahimik sa edad na 21 lamang. Ang pagsasama ni Tito at ng kanyang unang asawa na si Melody ay nagbunga ng dalawang anak, si Christine, 23, na isang nurse na ngayon at siya niyang kasama sa Dubai at si Christian Ralph, 21, kasalukuyang nag aaral ng kursong *BS IT* sa Arellano University.

Tulad din ng iba, ang pagnanais na matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya ang nagtulak kay Tito upang magtrabaho sa ibang bansa. Taong 1994 nang siya'y magtungo sa Taiwan kung saan nanatili siya sa loob ng tatlong taon. Dahil sa kanyang paglayo, naapektuhan ang relasyon nina Tito at Melody at sa kalaunan ay nauwi sa hiwalayan.

Subalit dahil sa kanyang katatagan sa gitna ng mga problema, dumating din ang magandang swerte kay Tito. Taong 1997 nang matagpuan niya ang pangalawang pag-ibig sa katauhan ni Ma. Jocelyn ina ng kanyang bunsong anak na si Alexis Joyce, 13. Tulad niya, si Jocelyn ay isa ring Overseas Filipino Worker na naka base naman sa bansang Ireland. Sa pagdating ni Jocelyn sa buhay ni Tito ay nagkaroon siya ng katuwang sa pag-aalaga sa kanyang mga anak kung kaya't kahit papaano ay nabawasan ang kanyang pag-aalala sa mga ito. Dahil dito, mas napag-tuunan ng pansin ni Tito ang kanyang pagtatrabaho.

Unti-unting nagbunga ang kasipagan ni Tito. Taong 2001 nang magsimula siyang magtrabaho sa bansang Kuwait bilang *service shop supervisor* sa Chrysler Group LLC, isa sa pinakamalaking *automobile manufacturers* sa buong mundo. Dahil sa angking galing sa pagmemekaniko, si Tito ang naging kinatawan ng Kuwait *Chrysler* sa *2003 International Top Technician Contest* na ginanap sa bansang Austria kung saan siya ang tinanghal na pangatlong pinakamagaling sa 29 na mga kalahok mula sa iba't ibang bansa. Kwento ni Tito, tumagal ang nasabing paligsahan ng isang linggo upang subukin ang galing ng mga kalahok. Ang panalong ito ang nagbukas ng pinto para sa mas malaki pang oportunidad para sa kanya.

2010 nang lumipat si Tito sa Dubai kung saan naka base ang *regional office ng Chrysler*. Aniya, ang kanyang pagkapanalo ang naging dahilan upang mapansin siya ng *regional office* at mapagkatiwalaang mamuno bilang *Senior Manager* ng Technical Services Operations sa buong Gitnang Silangan *(Head, Technical Service Operations for Middle East).* Ngayon, sa kanyang pagbabalik tanaw, puno ng pasasalamat si Tito sa kanyang narating. Mula sa kanyang simpleng simula bilang mekaniko, siya ngayon ang Pilipinong may pinakamataas na katungkulan sa *Chrysler*.

Gayunpaman, nanatili ang kababaang loob ni Tito. Sa kabila ng kanyang magandang katayuan sa trabaho, hindi siya nakakalimot na ibalik ang mga biyayang kanyang natanggap. Patunay na rito ang marami sa kanyang mga kababayan na kanyang naipasok sa *Chrysler*. Nang mga panahong siya ang namumuno sa *Training Department* sa Gitnang Silangan, ibinibigay niya ang lahat ng suporta sa mga kababayang Pilipino upang makapasok sa kumpanya lalo na ang mga katulad niya na nagsimula sa mababang pwesto.

Sa edad na 43 ay di maikakailang matagumpay na si Tito. Subalit para sa kanya ang mapagtapos sa pag-aaral ang kanyang tatlong mga anak at makitang maayos ang kanilang kalagyan ang pinakamaganda niyang tropeo. Aniya, karaniwang problema ng mga OFW ang kanilang mga anak na naiiwan sa bansa. Sapagkat salat sa patnubay, di maiiwasang magloko ang mga ito bilang pagrerebelde o dahil sa simpleng kakulangan ng gabay ng magulang. Sa ngayon, masayang kasama ni Tito ang panganay na si Christine sa Dubai kung saan ito ay muling nag-aaral upang makakuha ng lisensiya bilang nurse samantalang masaya rin niyang hinihintay ang pagtatapos ni Christian Ralph na balak ring sumunod sa kanila.

Kamakailan ay isa pang swerte ang dumating kay Tito. Ika- 8 ng Enero 2014 nang siya ay makatanggap ng tawag mula sa Pag-IBIG Fund upang ibalita ang kanyang pagkapanalo sa OFW Member "Dagdag Ipon" Raffle Promo ng ahensiya. Ayon kay Tito, noong una ay inakala niyang nagka problema siya sa kanyang inihulog na P17,000.00 sa Pag-IBIG subalit laking tuwa niya nang malaman na siya pala ay nanalo pa ng *USD10,000 na grand prize*. Ang pagkapanalong ito ang naging inspirasyon sa kanyang mga kamag - anak at iba pang kakilala na nagtatrabaho sa ibang bansa at nagmulat sa kanila sa maraming mga benepisyo na kaakibat ng pagiging miyembro ng Pag-IBIG Fund.

Sa panayam ng Overseas Operations Department, ibinahagi ni Tito na kanya munang itatabi ang napalunang pera habang hindi pa niya napagpapasiyahan kung saan ito gagamitin. Ayon sa kanya, "bihira mangyari ang ganitong swerte kaya dapat na maging maingat sa pag gastos." Kwento pa ni Tito, bagamat 20 taon na siyang nagtatrabaho sa ibang bansa, halos ngayon lang siya nagsisimulang mag-ipon. Dagdag pa niya, "halos isa lang sa bawat 10 OFWs ang talagang nakakapag-ipon ng sapat bilang paghahanda sa kanilang pag- uwi sa Pilipinas." Sa kanyang kaso, taong 2009 nang maging miyembro siya ng Pag-IBIG Fund subalit kamakailan lamang siya tuloy-tuloy na nakakapag hulog dahil sa mga obligasyon sa pamilya.

Kung tutuusin ay bata pa si Tito. Ngunit ayon sa kanya simple na lamang ang kanyang plano sa buhay—ang maipaayos ang bahay na kanyang kinalakihan sa Bicol upang doon manirahan sa kanyang pagreretiro. Nais din niyang gawin ito upang mapanatili ang alaala ng kanyang mga magulang.

Sa pagtatapos ng panayam, aming tinanong si Tito kung ano ang sekreto upang maging matagumpay sa trabaho. Simple ang kanyang naging sagot. "Mahalin ang trabaho, maging kontento at masikap," pagtatapos ni Tito.